# Ang Babae sa Pook Pagawaan: Mga Espasyo ng Pag-aangkin sa Piling mga Nobela ni Valeriano Hernandez-Peña

■ MARICRISTH T. MAGALING

*Gradweyt ng MA Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas at kasalukuyang kumukuha ng PhD sa Malikhaing Pagsulat sa parehong unibersidad. May tuon ang kaniyang mga pananaliksik sa mga kababaihan at kababaihang manggagawa. Siya ang kasalukuyang koordineytor ng programang Malikhaing Pagsulat sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Bulacan State University.*

**ABSTRAK**

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsusuri sa pampanitikang representasyon ng babae sa pook pagawaan at ang espasyo ng pag-aangkin sa piling mga nobela ni Valeriano Hernandez-Peña. Kung sinasabing ang panitikan ay representasyon ng isinahirayang ugnayan ng mga indibidwal sa kanilang kondisyon ng pag-iral sa lipunan, paano nabibigyan ng pampanitikang representasyon ang babaeng manggagawa sa mga nobela ni Valeriano Hernandez-Peña? Paanong muling nalikha sa mga akda ang mga karanasan ng kababaihang manggagawa – ang pagsasamantala sa tauhan bilang babae at bilang manggagawa? At sa gitna ng mga ito, paano nabibigyan ng ahensiya ang tauhan para baguhin ang kaniyang kalagayan sa nobela? Naging puwersa ang kababaihang manggagawa na kongkretong nagiging materyal ng manunulat sa pagsasahiraya sa unang mga dekada ng siglo 20. Gamit ang alegorikal na pagbasang sumasaklaw sa hanggahang politikal, panlipunan, at historikal, sinikap na bakatin ang

**ABSTRACT**

The study analyzes how representations in literature relate the imagined and real lives of individuals in society. Because women workers provided a tangible material for Valeriano Hernandez-Peña in re-imagining American colonialism, the article examines how they were recreated in the novels of the author. How did Hernandez-Peña articulate the experiences of the female character and her oppression as a woman and a worker? In the process, how is the character given agency to transform her condition in the novel? Using an allegorical reading that encompasses the political, social, and historical, the researcher outlined connections and correspondences in the context of economics, labor, and prevailing concepts on women during the period. As a whole, even if Hernandez-Peña produced mostly romantic novels confined to the patriarchal ideology, there are crevices in the text where resistant images/spaces of/for women workers flow. The study contributes to the existing research on women

ugnayan ng teksto sa konteksto ng ekonomiya, paggawa, at turing sa kababaihan sa unang dekada ng pananakop ng Amerikano, kung kailan umusbong ang mga nobela. Sa pangkalahatan, bagaman karamihan sa mga nobela ni Hernandez-Peña ay tumatalakay sa pag-ibig at nakakahon sa ideolohiya ng patriyarka, may mga guwang sa teksto na nagsilbing daluyan ng mga resistant na imahen/espasyo ng/para sa babaeng manggagawa. Tinatayang mapupunan ng pag-aaral ang mga puwang na naiwan ng ibang manunulat na pumaksa sa kasarian at gayundin, makapagdaragdag sa mga pananaliksik tungkol sa babaeng manggagawa sa ilalim ng kolonyalismong Amerikano.

**Mga susing salita:** nobelang Tagalog, panunuring pampanitikan, babae, manggagawa, panahon ng Amerikano

workers during American colonialism as well as to the continuing discourses on gender.

**Keywords:** Tagalog novel, literary criticism, women, workers, American period

Sa pagpasok ng kababaihan sa sahurang paggawa kasabay ng introduksiyon ng pang-ekonomiyang kaayusan ng kolonyalismong Amerikano, naging puwersa ang mga babae na kongkretong nagiging materyal ng manunulat sa pagsasahiraya. Gayon ang nais tuntunin ng papel na ito — ang representasyon ng kababaihang manggagawa sa panitikan at ang interseksiyon ng kontekstong panlipunan sa representasyong iyon. Kung gayon, paano hahanapin ang kababaihang nabanggit, na kadalasan, ay nawawala at nalilimutan sa mga panulat? Kailangan lamang nating matutong tumingin, ayon kay Du Bois, "tingnan ang naririyan; hindi ang itinuro sa ating nandoroon, hindi ang nais makita, kundi kung ano talagang umiiral" (Pineda-Ofreneo 4). Kaya nga, kung sinasabing ang panitikan ay representasyon ng isinahirayang ugnayan ng mga indibidwal sa kanilang kondisyon ng pag-iral sa lipunan, paano nabibigyan ng pampanitikang representasyon ang babaeng manggagawa sa mga nobela ni Valeriano Hernandez-Peña? Paano nagkakaroon ng ugnay sa teksto ang konteksto ng ekonomiya, paggawa, at turing sa kababaihan sa panahong umusbong ang mga nobela? Paanong muling nalikha sa mga akda ang mga karanasan ng kababaihang manggagawa — ang pagsasamantala sa tauhan bilang babae at bilang manggagawa? Paanong pinag-ugnay ang usapin ng kasarian sa usapin ng uri sa akda? At sa gitna ng mga ito, paano nabibigyan ng ahensiya ang tauhan para baguhin ang kaniyang kalagayan sa nobela?

Sa imposisyon ng monopolyo kapitalismo ng Estados Unidos matapos na matalo ang mga rebolusyonaryong Filipino, sumigla ang pag-eksport ng mga produktong agrikultural at iba pang pangunahing produkto mula sa bansa, at gayundin, ang pag-aangkat ng mga produktong manupaktura mula sa Estados Unidos. Ang ganitong materyal na kondisyon

ang siyang nagbukas sa kababaihan ng mga "oportunidad sa gawaing produktibo partikular sa sektor ng industriya at pagawaan" (Taguiwalo 9) habang inilalatag noon ang digmang tinuran ni Kimuell-Gabriel na "ikalawang linya ng hukbong walang pumuputok na sandata kundi aklat, lapis, at kuwaderno" (243).

Ang partikular na panahong ito ng transisyon sa politika, kultura, at ekonomiya ang tila naging enggranahe sa pagsasahiraya ni Valeriano Hernandez-Peña o Tandang Anong, ang Ama ng nobelang Tagalog, sa mga tauhan bilang babae at bilang manggagawa. Panahon iyon ng pagsigla ng negosyo ng palimbagan at pag-unlad ng pagbabasa ng sekular na materyal na nagbigay-daan sa pagdating ng tinawag na Gintong Panahon ng Nobelang Tagalog (Regalado 371).

**Si Tandang Anong sa Interseksiyon ng Kasaysayan**

Sa panahon ng pag-usbong at pag-unlad ng nobelang Tagalog sa unang bahagi ng ika-20 dantaon, may pag-uusisa ang mga intelektuwal sa panlipunang realidad katulad ng pag-usbong ng mga organisasyong proletaryo. Kaakibat nito, ang dramatikong pagtaas sa dami ng mga di-sanay na manggagawa sa mga monopolyo at malalaking empresa (McMahon 42). Naroon sa nagsasalimbayang mga sandali – nasa sangandaan ng mga pagbabago ang lokasyon ni Tandang Anong.

Sa tradisyon ng *Banaag at Sikat* (1906) ni Lope K. Santos at *Pinaglahuan* (1907) ni Faustino S. Aguilar, hindi matatawaran ang naging ambag ng mga nobela sa pagtalakay sa mga usaping panlipunan. Importante rin ang mga akda sa pag-impluwensiya sa iba pang manunulat ng kanilang milyu, na nagsisulat ng mga "kathang kapupulhan ng mataas na uri, maging sa nilalaman at sa kariktan ng pagkakahanay" (sinipi sa Reyes 17). Sa panahong 1906 hanggang 1925, sinasabi ring "namulaklak ang tradisyon ng realismong sosyal at umalingawngaw ang tinig ng pagtutol" (51).

Sa paliwanag ni Dr. Mona Highley (4), maliban sa satayr sa Yankees at Kastila, ang mga nobelista sa panahong iyon ay pumukaw sa pagkiling sa mahihirap, lalo pa't bumabangon pa lang noon ang bansa mula sa digmaan. Pinaksa ng mga manunulat ang sosyalistang tema ng pagpapaunlad ng kondisyon sa paggawa. Bagaman malayo rito ang lagi nang nagiging pagbasa sa mga akda ni Hernandez-Peña na itinuturing na tradisyonal (Mojares 198-99). Inihanay halimbawa ni Highley (4) ang nobelang *Kasaysayan ng Magkaibigang si Nena at si Neneng* (1905) sa tradisyon ng sulating kaugnay ng Simbahang Katolika, sa partikular ng mga gabay sa kagandahang asal katulad ng *Pagsusulatan ng Dalawang Binibini na si Urbana at Felisa* ni Padre Modesto de Castro (1864).

Gayumpaman, sinabi ni Mojares na malay rin naman si Hernandez-Peña sa malalaking pagbabago na mapapansin sa sensibilidad ng Bulakenyong si Tandang Anong sa kababaihang manggagawa. Hindi ito kataka-taka dahil nagsimula siya sa pamamahayag bilang takigrapo o amanuensis ni Marcelo del Pilar, ang tagapagtatag ng *Diariong Tagalog* noong 1882. Naging bahagi rin siya ng pahayagang *Muling Pagsilang* at nakasama sina

Lope K. Santos, Faustino Aguilar, at Patricio Mariano na kilalang tagapagtaguyod ng mga manggagawa. Sa panahon ng kolonyal na gobyerno ng mga Amerikano at sa pagsulpot ng iba't ibang pahayagan, pumasok bilang kawani si Hernandez-Peña sa diyaryong *Ang Kaliwanagan* noong 1900 na pinalitan naman ng *Ang Kapatid ng Bayan* sa parehong taon. Sa unang mga pahina ng peryodikal na *Ang Kaliwanagan* lumabas ang unang nobela ni Hernandez-Peña na *Unang Bulaklak* na may sagisag-panulat na Anong at ang isa pang nobelang *Si Rosa at si Valerio* sa sagisag na panulat na Isang Dukha. Sa diyaryong *Muling Pagsilang*, lumabas ang marami niyang nobela at regular na kolum na "Buhay sa Maynila" na komentaryong hinggil sa mga pangyayari at gawi ng mga tao sa siyudad. Gumamit si Hernandez-Peña ng mga sagisag-panulat na Isang Dukha, Baling-Bulak, at Kabutong Bulaklak (Tolentino at Atienza 8); gayundin, ang mga talipanpang Kintin Kulirat at Kalampag (Mojares 205).

Ang pag-iral ng nostalgia sa representasyon sa pamumuhay at ang pagkakaroon ng tradisyonal na banghay ng pag-ibig at kumbensiyon ng moralidad ang napansin ni Mojares sa pagsusuri sa mga nobela ni Hernandez-Peña. Nanatiling konserbatibong akda ang *Si Nena at si Neneng* dahil sa apirmasyon nito ng "universal harmony" (199) o ang pag-iwas sa mga tensiyon tulad ng tunggalian ng mga uri sa panahong ang mga partikular na puwersang panlipunan ay nagpapatingkad sa mga kontradiksiyong mas komplikado sa mga ipinapakita sa nobela. Kung gayon, itinuturing si Hernandez-Peña na "tagapagmana ng tradisyon" (Mojares 204) dahil sa kabila ng pagsisilbing tagapaghawan para sa bagong anyo ng nobela bilang naratibo, naging masugid din siyang tagalikha ng mundong katulad ng mga libro ng kagandahang asal.

Bagaman, sa pagtatasa ni Reyes, hindi makatwiran ang mga puna hinggil sa pagkakalayo sa reyalidad ng pulitika at ekonomiya bilang paglalarawan sa mga nobela ni Hernandez. Aniya:

> ...kung maingat na susuriin ang kalipunan ng mga nobelang kaniyang kinatha, makikitang inilalarawan sa mga ito ang realidad na panlipunan. Kung tila nakatutok man ang paningin ng nobelista sa nakaraan, ito'y sa dahilang ang unang apatnapu't dalawang taon ng kaniyang buhay ay nakaangkla sa ikalabingsiyam na dantaon. Gayunman, sa huli niyang mga akda ay higit niyang pinagtuunan ng pansin ang mga pangyayari sa panahon ng Amerikano. (21)

Ayon sa kritiko, ang pinakamahalagang batayan ng pagiging "Ama ng Nobelang Tagalog" ni Hernandez-Peña ay hindi lamang nakasalig sa sinasabing husay nito sa pananagalog kundi sa paghawan ng landas para sa mga sumunod na manunulat na nag-ambag sa Gintong Panahon ng Nobelang Tagalog. Samakatuwid, sa tagumpay ng paggamit niya ng panitikan bilang "tulay ng pagkakaisa ng may-akda, mambabasa, at komunidad" (21) na napag-uugnay sa sipat ng alegorikal na interpretasyon sa mga piling akda. Sa papel na ito, bibigyang tuon ang mga nobelang *Nena at Neneng* (1905), ang unang nobela ni Hernandez-Peña, at ang *Hatol ng Panahon* (1909). Pinili ang mga nabanggit na akda dahil sa mga babaeng manggagawa na mga tauhang nakalunan sa lugar-pagawaan. Sa pamamagitan ng alegorikal na pagbasa ay masisipat ang politikal na pagbasang nais tuntunin ng papel na ito.

**Ang Alegorikal sa Pagbasa at ang Talinghaga ng Pag-aangkin**

Inihihimatong sa proseso ng alegorikal na interpretasyon ang pagsusuri sa tekstong saklaw ng tatlong hanggahan sa pagbasa: ang politikal, ang panlipunan, at ang kasaysayan (Jameson 60). Ang alegorya ay ang representasyon, na ang kapangyarihan, ay makikita sa kalikasan nitong mag-ugnay ng naratibo at kabatiran, ng kahulugan at kaalaman (Holtz 81). Kung gayon ang alegorikal na interpretasyon ay tumutukoy sa pagbulatlat ng teksto sa iba't ibang kahulugan, sa iba't ibang salansan ng muling pagsulat (Jameson 14) na maiuugnay sa mga nabanggit na hanggahan ng pagbasa. Sa unang hanggahan, ang indibidwal na akda ay inuunawa bilang isang simbolikal na akto. Nakikita ang pagsusulat, kung gayon, na tila pagbibigay-resolusyon sa mga kontradiksiyong hindi nangyayari sa realidad o sa tunay na buhay. Sa panlipunang hanggahan, muling isinusulat ang indibidwal na teksto sa sipat ng antagonistikong diyalogo ng mga uri. Samakatwid, ang teksto ay nagiging manipestasyon ng tunggalian ng mga uri, ng resolusyon o kawalan ng resolusyon nito. Napananatili ang pagiging simbolikal ng teksto; bagaman masusing pinalalawig mula indibidwal patungong diskurso ng mga uri. Dahil ditto, nawawala ang ilusyon ng awtonomiya ng nakalimbag na teksto (71). Sa pagbuo ng interpretasyon, hindi magiging kompleto ang panunuri kung hindi naiuugnay ang una at ikalawang hanggahan sa "mahalagang episodyo ng isang di natatapos na banghay" o ang "master code," ang susi sa alegorikal na interpretasyon (4). Nakapaloob dito ang pagpoposisyon ng teksto sa pangkalahatang kasaysayan ng moda ng produksiyon, ang kasaysayan ng mga puwersa at relasyon ng produksiyon. Ang moda ng produksiyon ang espesipikong sistemang pang-ekonomiya sa isang lipunan na kinapapalooban ng mga kalahok sa produksiyon at nagbubunsod ng mga tunggalian mula sa relasyon sa pagitan ng direktang lumalahok sa produksiyon at sa isang banda, ang nagkakamal ng yaman. Kailangang isaalang-alang ang mga pagbabago sa baseng pang-ekonomiya at kung paano nito naapektuhan ang mga uri sa lipunan, na sa kalaunan ay naging dahilan ng pagkalikha ng partikular na artifact o likhang-sining.

Kung gayon, maipoposisyon ang teksto sa isang espasyo kung saan nagkakaroon ng pagsasanib at interseksiyon ang iba't ibang puwersa mula sa magkakatunggaling moda ng kultural na produksiyon (Jameson 81). Kaugnay ito ng sinabi ni Tolentino na "kapasidad ng akda na makapagbigay ng impormasyon hinggil sa kahalintulad na kognitong pagmapa sa mga bagay at afekto sa labas nito (20-21). Maimamapa sa loob ng teksto ang mga aspekto, halimbawa, hinggil sa usapin ng seksismo at patriyarka bilang latak ng alyenasyong espesipiko sa pinakamatandang moda ng produksiyon, kaakibat ng dibisyon sa paggawa sa pagitan ng mga kasarian (85). Kaya nga, sa pagtunton sa mga bakas ng hindi nauudlot na naratibo, sa pagpapanauli sa teksto ng sinupil at inilibing na realidad nitong pundamental na kasaysayan, natatagpuan ang gamit at pangangailangan sa politikal na pagbasa.

Sa panahong nalimbag ang mga akda ni Hernandez-Peña, sa unang mga dekada ng paghahari ng Estados Unidos, mauunawaan ang malawakang pagtunggali ng mga manunulat sa bagong mananakop. Nag-uugat pa lamang ang kulturang Amerikano sa naging masikhay noong dekada '20 sa pagdagsa ng mga produktong kultural katulad ng mga pelikula, programa sa radyo at telebisyon, komiks at magasin na naging instrumental


sa kolonisasyon at sa asimilasyon ng mga ideolohiya ng bagong mananakop (Encanto 39). Kung gayon, sa panahong 1903 hanggang 1921 na pagkakalimbag ng mga nobelang kasama sa pag-aaral na ito, hindi pa sagad-sagarin ang asimilasyon ng mga Filipino sa kulturang Amerikano. Mahalaga ring bigyang-diin ang nagpapatuloy na digmaan sa pagitan ng mga rebolusyonaryong Filipino at mga Amerikanong mananakop noong panahong iyon (Constantino 286). Pinalalawig ng realidad ng digmaan ang mga espasyo o lunan ng pagtunggali sa diskurso ng mga mananakop. Habang sinusuhayan ng diskurso ng Amerikanisasyon ang sistema ng edukasyon at iba pang ideolohikal na aparato ng kolonyal na gobyerno, patuloy ang desestabilisasyon at rebisyon ng mga Filipino sa konsepto ng kasaysayang inihahain ng noo'y bagong mananakop, na nagkakaroon din ng manipestasyon sa mga akda ng mga manunulat sa panahong iyon.

Subalit, malayo pa sa abanteng yugto ng produksiyong pangmaramihan ang inilalarawan sa mga nobela ni Hernandez-Peña. Kahit na hindi maitatanggi ang entrada ng kababaihan sa sahurang paggawa sa panahong iyon. Maraming babaeng manggagawa, halimbawa, ang matatagpuan sa pabrika ng sigarilyo at tabako batay sa pambansang sensus. Humigit-kumulang, nasa kalahati ang dami ng mga babaeng manggagawa: 49% noong 1903 at 52% noong 1918 at 1939 (Gealogo 53-54).

Sa mga burdahan, babae rin ang 9 sa bawat 10 manggagawa noong 1918 na di nalalayo sa 98% noong 1939. Ang mga sastreng babae ay 43% noong 1918 at bumaba sa 33% noong 1939. Makabuluhan din ang bilang ng mga manggagawang babae sa industriya ng paggawa ng sombrero at sambalilo—63% noong 1903 at 88% noong 1939. Noong 1903, higit sa 10% ng manggagawa ng sapatos, tsinelas, at botas ang mga babae, 15% noong 1918 at 28% noong 1939 (Gealogo 53-54).

Bagaman, ayon kay Eviota, tumaas ang partisipasyon ng mga babae sa manupaktura sa unang bahagi ng pananakop ng mga Amerikano, bumaba naman ang independiyenteng produksiyon ng kababaihan sa tahanan (72). Dahil sa ganitong kalagayan, ang kababaihan ang pumapasan ng dobleng bigat ng pagmamantene ng tahanan at sahurang paggawa. Hindi na lamang siya kumikita mula sa sariling produksiyon sa bahay. Naging sahurang manggagawa nga siya ngunit pasan pa rin niya ang mga gawain sa tahanan. Sa mga pabrika, sa unang dekada ng pananakop ng mga Amerikano, ayon sa Kawanihan ng Paggawa, inilarawan ang kalagayan ng paggawa na "sweatshop," samantala mababa ang pasahod at mahabang oras ang inilalaan sa *outwork* o pagtatrabaho sa labas ng pabrika. Inilarawan ang trabaho sa huli na nagpapatuloy sa kalaliman ng gabi sa liwanag ng buwan o gasera. Noong 1913, ang papalubhang kondisyon sa paggawa at di sapat na pasahod ay humantong sa mga welga. Ang ilan sa mga pangunahing isyu ng welga ang proteksiyon ng kababaihan at *child labor* na nagbunsod sa pagkakalikha ng mga batas na nagpapatungkol sa kanilang sektor (71).

Sa ganito maaaring sipatin ang pag-angkin sa panahon ng babaeng tauhan sa mga nobela ni Hernandez-Peña bilang talinghaga ng pagkalas sa panahon ng sahurang paggawa at



**Larawan 1.** Tumaas ang partisipasyon ng mga babae sa manupaktura. (Renacimiento Filipino 1910)

espasyo ng artikulasyon ng nasa. Ang panahon sa produksiyon sa sistemang kapitalista sa pangkalahatan ay may kontradiksiyon sa panahon ng reproduksiyon. Marahas ang pagpapasunod ng una sa huli. Bagaman, hindi pa abanteng kapitalistang produksiyon ang inilalarawan sa mga nobela ni Hernandez-Peña, nagpapakita ng pahiwatig ng banayad na pagbaklas sa pananakop ng kapitalismo sa lipunan noon. Muling binabanghay ng kapital ang mga pagkakaiba sa lipunan at pumipiga ng kíta mula rito sa pamamagitan ng paggigiit na singkronisasyon sa agenda nito sa produksiyon. Sa gayon, ipinapailalim ng kapital, halimbawa, ang pangkalahatang turing sa kababaihan sa sarili nitong proseso. Ngunit, hindi rin mapipigilan ang kawalan ng singkronisasyon dulot ng tensiyon sa umiiral na kapitalistang panahon, na nagbubuyangyang ng posibilidad ng pagbaklas (Masimilliano 81). Nagiging mahalaga ang ganitong pagsipat at maaaring magkaroon ng halaga sa gitna ng pananakop ng kapital sa lahat ng aspekto ng buhay ng manggagawa sa kasalukuyang panahon.

Ang metodo ng alegorikal na pagbasa kung gayon ay pagbasang politikal. Sa pagbasang ito, gumagamit ng *mediation* o *transcoding*, na estratehikong pagpili ng partikular na *code* o termino na makakatawid sa ugnayan ng dalawang tila magkahiwalay na bagay o teksto o dalawang magkaibang antas ng realidad (Jameson 25). Ito ang pagsipat sa teksto bilang simboliko ng paghiraya ng manunulat sa kontradiksiyon sa lipunan. Panlipunan din ang pagsipat dito dahil sinisipat ang teksto bilang lunan ng tunggalian ng mga uri o pagsusuri sa mga diskurso ng mga uri na nakapaloob sa teksto. Sa antas na ito, dapat na naipaliliwanag ng kritiko ang mga politiko-ekonomiyang salik at mga ideolohikal na posisyon ng mga uri. Para sa Marxismo, ang ideolohiya ay nagtatalaban. Lagi nang gumagalugad ng ang naghaharing

ideolohiya ng iba't ibang pamamaraan para sa lehitimisasyon nito sa kapangyarihan habang naggigiit ang katapat na ideolohiya para katunggaliin ang dominanteng sistema ng pagpapahalaga.

At panghuli, ang teksto ay sinusuri batay sa isang master code sa hanggahang historikal, ang moda ng produksiyon. Pangunahin ang code na ito dahil magiging mahalagang tungtungan sa pagsusuri ang mga pagbabago sa pang-ekonomiyang batayan ng bansa sa pagpasok ng kolonyalismong Amerikano na nagbigay-daan din sa mga pagbabago sa mga puwersang produktibo, relasyong panlipunan, at produksiyong pampanitikan. Masasagot nito ang layuning mailatag ang kontekstong pang-ekonomiya at pampolitika sa panahong nalimbag ang mga piling nobela at ang pag-usbong ng uring manggagawa at pagpasok ng kababaihan sa sahurang paggawa.

**Ang Pag-angkin Bilang Paglikha ng Kahulugan**

Sa bahaging ito ay sisipatin ang alegorikal na pagbasa sa panahon ng mga babaeng manggagawa na tauhan sa nobelang *Nena at Neneng*. Ang pag-angkin sa panahon, sa lugar pagawaan, at ang kaakibat na paglikha ng kahulugan dito ay nakikitang manipestasyon ng resolusyon ng tunggalian sa konteksto ng akda.

Magkaibigan na mula pa noong mga musmos ang dalawang pangunahing tauhan sa nobela – ang kapuwa-ulilang si Nena at si Neneng. Sinubok ang kanilang pagkakaibigan nang ligawan ni Miguel si Nena at ayaw rito ni Neneng dahil sa pag-aalangan sa tunay na motibo ng lalaki. Sa pagmamahal kay Nena, ipinagbigay-alam ito ni Neneng sa tiyahin ng kaibigan. Hindi nagkamali si Neneng at ang tiyahin ni Nena sa pagpigil sa relasyon dahil nagkaroon si Miguel ng anak kay Chayong (na inilarawang sumaway sa habilin ng mga magulang). Inagaw ni Miguel si Chayong sa pinsang si Narciso. Samantalang ipinaghihinagpis ni Chayong ang malaking panghihinayang kay Narciso, saka makikilala ni Narciso si Neneng at mapapaibig dito. Uuwi naman sa probinsiya si Nena kasama ang kaniyang ale dahil sa pagkakasakit ng cholera ng asawa nito. Doon siya nakatagpo ng kaligayahan sa piling ng kababatang si Deogracias na kasamang inaruga ng kaniyang ale noong kamusmusan nito bago sumama sa paghihimagsik laban sa mga Kastila. Habang si Nena ay nasa probinsiya, sinusuyo naman ni Narciso si Neneng at humarap sa kapatid ng dalaga na si Pepe para patunayan ang mabuti niyang niloloob. Lalo nang napariwara Si Chayong kay Miguel pero isinakdal ng mga magulang ang lalaki sa ginawa nito sa anak. Namatay si Miguel dahil sa kalungkutan at kahirapan na naranasan sa loob ng kulungan. Matapos ikasal nina Neneng at Narciso, nagkaroon ng lamat ang kanilang pagsasama dulot ng sugarol na si Isko. Nang pagtangkaan nito si Neneng, inakala ni Narciso na pinagtaksilan siya ng asawa. Sa pagbabalik matapos ang mahabang panahon na pagkawala, nalaman niyang namatay si Neneng subalit nakapagpatawad bago ito malagutan ng hininga. Dahil ditto, namatay rin si Narciso sa sobrang panghihinayang at sama ng loob.

Kaiba sa ibang mga nobela ni Hernandez-Peña na pulos manggagawa ang mga tauhan (Zarate-Ortiz 76). Walang indikasyon na antas-pabrika ang pinapasukan nina Nena at

Neneng. Isang bahay-patahian ang binanggit sa teksto, na maaaring ituring na prototipo ng mas maunlad na organisasyon sa modernong manupaktura. Kung iuugnay sa panahon kung kailan nalimbag ang akda, napunta sa malakihang produksiyon ang bulto ng dati-rati'y independiyenteng produksiyon ng kababaihan. Sa nobela, ang mga pangunahing tauhan ay nagtatrabaho sa isang di-kalakihang patahian, na iba sa tradisyonal na independiyenteng produksiyon sa loob ng tahanan.

Sa nobela, nagkakaroon ng pagpapakahulugan ang panahon ng pananahi at ang espasyong iyon na labas sa tahanan:

> Dumaan ang maghapon sa pananahi ng magkaibigan na halos wala na silang usapang iba pa kundi si Miguel, at para namang lugod ni Nena ang waring pagsang-ayon ng kaibigan sa naga-gayak na kaniyang pag-aasawa. Pati pagkapadala ng sulat kay Miguel ay nasabi noon, kaya't si Neneng ma'y nakipaghintay na sa pagdating nito at nasa rin namang magkausap sila; datapwa't ang napansin ni Nena, ay isang pagwawalang-bahala at hanggan sa lumubog ang araw ay di man lamang naraan sa tahian nila. (Hernandez-Peña 34)

Ang tagal at nakakapagod na oras ng trabaho ay nagiging bahagi ng panahong inilalaan para sa pagtatahi ng sariling mga naratibo. Taliwas ito sa kaayusang kapitalista:

> At ang manggagawa, na sa loob ng labindalawang oras ay naghahabi, nagbubutas, nagpapala, nagdudurog ng mga bato, naghahakot, at iba pa – itinuturing ba niya ang labindalawang oras ng paghahabi, pagbubutas, paglikha, pagpapala, pagdurog ng mga bato na bahagi ng kaniyang buhay? Sa kabaligtaran, nagsisimula ang buhay para sa kaniya sa pagtatapos ng aktibidad na ito, sa hapag-kainan, sa publikong espasyo, sa kaniyang katre. Ang labindalawang oras na trabaho, sa kabilang banda, ay walang kahulugan sa kaniya...(Marx 263)

Kung magkagayon, interesanteng suriin ang paglikha ng kahulugan ng mga tauhan ni Hernandez-Peña sa oras na walang kahulugan para sa kanila dahil "nagsisimula ang buhay para sa kaniya sa pagtatapos ng aktibidad na ito." Ito ay taliwas sa kaayusang kinapapalooban nila bilang manggagawa. Lumilipas ang mahabang oras ng trabaho na animo'y nananahi rin ang tauhan ng personal na usapin hinggil sa buhay pag-ibig. Bagaman, hindi radikal ang nilalaman ng pag-aangking iyon, ang punto, ay ang akto ng pag-angkin sa panahong saklaw ng oras sa pook-pagawaan. Sa ibang bahagi, namamaybay rin ang daloy ng kamalayan ng mga tauhang babae sa pagitan ng panahon ng pananahi:

> Nanahi kapuwa ang dalawang magkaibigan, ngunit nang tumugtog ang oras na dapat silang mananghali, ay napukaw na naman kay Neneng ang damdamin sa loob at nagunitang sa pag-sasalo nila'y sapilitang mauungkat ang kanilang mga hinanakitan...(27)

Bagaman, makikita sa teksto, na namamaybay sa panahon ng trabaho ang daloy ng kamalayan ng tauhan:

> ... at ang magkaibiga'y nagpatuloy nang magbihis at nanahing hindi naliban.
> Kahit ano ang ialiw ni Neneng kay Nena ay di mangyaring malimutan sa loob ang panibughong li-nalang ng pagkakasalubong nila kay Chayong at kay Miguel; nagugunita ang kaniyang kalagayan na halos batid na ng madla; nalulunos kung dilidilihin ang mga pagsumang niya sa kaniyang ale dahil din kay Miguel at ang Miguel ding iyan ang sumusunog sa kaniyang gunita (42)

Pero hindi nasasaklaw ng kapitalismo ang panahong ito ng pagmumuni-muni at kung magkagayon, hindi natatapatan ng halaga. Ang oras ng babae ay laging nakalaan para sa iba; wala siyang libreng oras. Para sa mga manggagawang babae, lalo lamang nagpapatampok ang homogenisasyon ng kanilang oras, oras na nakalaan sa pagsuporta sa produksiyon ng iba. Kung gayon, sa nobela, inaangkin ng tauhan ang oras na nakalaan sa produksiyon. Habang nananahi si Nena, habang umiinog ang oras na itinakda ng lipunan para sa iba, minumuni niya ang sariling mga kontradiksiyon:

> Ibig niyang limutin at ipagwalang-bahala ang nagdaang araw, nguni't ang kaniya ring sarili ang ayaw pumayag. Nanghihinayang siya sa maraming hirap na tiniis na niya dahil kay Miguel! At nakin baga'y katimbang ng kaniyang kamatayan; datapuwa't paano siya? Ang panahon baga'y mapagbabalikan pang muli at maagaw sa panahon ding iyan ang kaniyang mga ipinagkatiwalang lihim?... Hindi, ang panaho'y nakalipas, at ang nangyari ay tapos na rin, anupa't walang natatala sa loob ni Nena kundi ang gunitang iniibig niya si Miguel, nguni't ang pag-ibig niya'y hindi ipinamili ng pusong pinaglagakan (Hernandez-Peña 42-43).

Napagtatagni-tagni ni Nena ang panlilinlang sa kanya ng kasintahang si Miguel. Sa pagtatahi ng mga nangyari sa kanilang magkasintahan, nakakalikha ng bagong pagpapakahulugan ang tauhan sa panahong nakalaan sa lugar-pagawaan ng mga katulad niyang mananahi sa panahong iyon. Nagkakaroon ng kaayusan ang tila nagbubuhol-buhol na kuwento sa gunita. Sa ibang bahagi ng nobela, mapag-iisip ni Miguel ang naging pagbabago ni Nena matapos ng pagmumuni sa itaas:

> Ang dating kagiliw-giliw at maamong asal ni Nena, ang dating mapagpaumanhing ugali na ginahis-gahis ng maraya niyang pangungusap nang hapong yao'y naging tunay na uliran sa tigas ng loob, at noon nakilala ni Miguel na si Nena'y isang babaing kahina-hinayang at marunong magpahalaga sa karapatan ng kaniyang pagkababae. Natalastas niyang nagdaramdam, ngunit pagdaramdam na may matuwid, at napansin niyang ang katuwirang pinanghahawakan ay di na muling magagapi ng kaniyang mapaglarong puso (Hernandez-Peña 46)

Mapapansin sa mga katangiang "kagiliw-giliw" at "maamong asal" ang mga pasibong katangian na kaakibat ng turing sa kababaihan. Makikita sa mga nobela sa panahong iyon, na sa pangkalahatan, de-kahon ang representasyon sa mga tradisyonal na papel ng kababaihan sa isang kolonyalista't patriyarkal na lipunan (Tadiar 2). Halimbawa, sa pag-aaral ni Reyes sa mga nobelang Tagalog na nalimbag sa pagitan ng 1905-1920, makikita ang mga tauhang babae na sunud-sunuran at tila walang sariling pagpapasiya katulad ni Eduarda sa *Pinaglahuan* (1907), na ipinakasal ng ama sa iba sa kabila ng pagkakaunawaan nila ng manggagawang si Luis Gatbuhay (45). Sa nobelang *Paghihingalo ng mga Puso* (1912) na isinulat ni Leonardo Dianzon, nabaliw naman si Dading matapos silang magkahiwalay ng kasintahang si Virgilio dahil sa pakana ng mayamang binatang manliligaw (48). Sa nobela ni Iñigo Ed. Regalado na *Kung Magmahal ang Dalaga* (1911), pinagtangkaan ng pari ang karakter na si Flora ngunit nailigtas ng kalaguyo ng pari (53). Pinagtangkaan din ang tenant na si Luisa ng panginoong maylupang si Don Hasinto, sa nobelang *Nangalunod sa Katihan* (1911) ni Faustino Aguilar.

Kung babalikan natin ang *Nena at Neneng*, kapansin-pansin ang relasyon ng kapangyarihan na ipinakita ni Miguel sa nobela. Pero mababago ang gayong sitwasyon dahil natuto si Nena at naging "uliran sa tigas ng loob." Saka lamang napag-isip-isip ng lalaki na hindi na "magagapi ng kaniyang mapaglarong puso" ang katwiran ng dating kasintahan.

**Panahon ng Pagtatagni-tagni**

Sa bahaging ito ay sisipatin ang alegorikal na pagbasa sa panahon ng mga babaeng manggagawa na tauhan sa nobelang *Hatol ng Panahon*. Ang panahon sa lugar-pagawaan bilang panahon ng pagmumuni sa pagtatagni ng relasyon ng manggagawang babae at kapitalista ay nakikitang manipestasyon ng resolusyon ng tunggalian sa konteksto ng akda.

Tungkol sa pag-iibigan ng tabakerang si Ana at ni Dr. Manikis ang *Hatol ng Panahon* na nalimbag noong 1909. Sa simula, makikitang malubha ang karamdaman ng ama nina Elisa at Ana. Humingi ang dalawa ng tulong kay Donya Mantang, ang may-ari ng pabrika kung saan nagtatrabaho si Ana, subalit tumanggi ito. Ang matandang umiibig kay Ana na si Dr. Manikis ang tumulong sa kanila. Naging karibal ng manggagamot ang kapitbahay nitong si Tintoy. Nagkakilala ni Ana nang puntahan ng dalaga ang doktor para ipakiusap ang kalagayan ng amang maysakit. Hindi naglaon ay namatay rin ang ama. Nang ilang araw na hindi pumasok si Ana dahil sa pagluluksa, pinuntahan siya ni Donya Mantang sa takot nitong hindi na pumasok ang dalaga gayong marami pa itong pagkakautang. Nagkasagutan ang dalawa at nakilala ni Donya Mantang na hindi basta-basta maaapi ang dalaga. Kaya nang bumalik ito sa trabaho, pinakitaan niya ng magandang ugali. Subalit, nagkakaroon ng alingasngas sa loob ng pabrika—nag-uusap ang mga babaeng manggagawa hinggil sa kanilang kalagayan sa kamay ng mapagsamantalang kapitalista. Nakinig lamang si Ana sa gayong pagrereklamo ng mga kasamahan. Nang maglaon, pinatigil siya ni Dr. Manikis sa pagtatrabaho sa pabrika. Nabaliw naman si Tintoy matapos na masunugan at maghirap kasama ng dalawang kapatid na kapuwa matapobre. Sa huli, nakasal sina Ana at Dr. Manikis samantalang naghirap si Donya Mantang.

Kung kay Nena, ang panahon ng pananahi ay nagiging panahon ng pagtatagni-tagni ng usapin ng puso, para kay Ana sa *Hatol ng Panahon*, panahon iyon ng pagmumuni sa relasyon niya bilang manggagawa sa may-ari ng pabrikang pinapasukan: ang tinuran na "tunggalian ng mga uri sa lipunan na naipapahayag sa kanilang mga aktitud at sa relasyon sa pagitan ng employer at empleyado" (Zarate-Ortiz 35):

> Nang araw ng Lunes na kinabukasan ay tinupad ni Ana ang tipan kay Doña Mantang na pagpasok, nguni't isang malaking kaibhan ang kaniyang napansin sa babaying ito dahil sa di gagaanong pagkabago ng ugali sa dati, pagka't sa parang nakikinikinitang isasalubong na masamang mukha sa kaniya sa nangyaring pagkakatutulan nila at pagkaharap tuloy sa punong bayan na dapat isukal ng loob, ay panay na kabutihan ang ipinamasid na kailan ma'y di niya nakita sa mga araw na lumipas, anopa't ang bagay na ito naman ang siyang ikinapagsisi ni Ana sa nagawang pakikipagtungali ng kaniyang matuwid at nawika sa sariling kung bakit di pa niya naipagpaumanhin ang kung inalipusta man siya ni Doña Mantang ay pinakinabangan naman niya at pinagkakautangan pa ng maraming loob at ng salaping paano ma'y naging dagisunan ng kanilang mga pagkagipit. (Hernandez-Peña, w.p.)

Naguguluhan ang isipan ni Ana dahil bago ang naturang eksena ay nagkaroon ng pagtatalo sina Ana at Donya Mantang[1] dahil sa pagkaliban ng una sa trabaho. Nagluluksa noon ang dalaga dahil sa pagkamatay ng ama. Walang lohika ang kawalan ng pang-unawa ni Donya Mantang na naging mitsa ng pagpapahúli kay Ana at pakikipagharap sa punong-bayan. Bagaman wala sa teksto, maaari nating mahinuha kung paanong nagtatalo ang gayon sa isipan ng pangunahing tauhan habang nagbibilot ng tabako:

> Nakaupo ang tabakera sa may lamesa na mayroong sabsaban sa harap para sa mga basura na, at kung saan nakalagay ang salansanan para sa mga binibilot na tabako. Mayroon din siyang nabibitbit na matigas na tabla kung saan nagbibilot ng tabako, isang lapad na kutsilyo sa pagputol batay sa nais na haba... (Kerkvliet 51)

Paulit-ulit ang ganitong gawain para sa tabakera na itinuturing ding katangian ng trabaho sa tahanan. Ang paulit-ulit na gawain ay nangangailangan ng "partikular na kasanayan o dexterity" (Taguiwalo 25) katulad ng "pag-eempake at pamimili ng dahon at stripping" sa pagawaan ng tabako (28). Katulad ni Ana, nasa produksiyon ng tabako ang karamihan ng mga babae noong panahong iyon (Gealogo 68). Aabot sa 150 hanggang 400 piraso ng tabako, depende sa sukat, hubog, at estilo ang nabibilot ng tabakera sa bawat araw (Kervliet 53). Sa pangkalahatan, kapag bumubulusok ang kita, binabawasan ng mga manedyer ang trabaho, pinapakaunti ang nirorolyong tabako, binabago ang shift system, nag-aalis ng mga manggagawa, at pinapababa ang rate sa kota ng pagrorolyo (50). Ang gayong kalagayan ng manggagawa ay kaugnay ng realidad na nakapaloob ang bansa sa internasyonal na dibisyon ng paggawa noon hanggang sa kasalukuyan. Ibig sabihin, hindi magkapantay ang halaga ng paggawa sa mga kolonya at sa mga metropolis. Dahil sa mababang pasahod, ang kakayahang tumustos ng mga manggagawa sa mga kolonya (at sa mga neokolonya) ay nananatiling mababa (Mies 112). Ganito ang pandaigdigang pagsasamantala sa lakas paggawa para sa tubò, na noo'y nag-anyo bilang di-pantay na relasyon at nagiging posible sa pamamagitan ng direktang karahasan (71). Naranasan ito ng bansa sa ilalim ng Estados Unidos sa kabila ng ipinangangalandakang mapagpalang pagkupkop. At habang nagsasalansan ng tabako, maaaring naiisip din ng babaeng manggagawa ang gayong kalagayan niya bilang tabakera.

Bagaman, sa siniping pagmumuni-muni ni Ana, mahihinuha ang ginawang pagtunggali ng tauhan sa kapitalistang si Donya Mantang, makikita rin ang pag-aatubiling maggiit dahil sa ipinakita sa kaniyang pag-uugali na malayo sa ordinaryong kagaspangan ng pakikitungo sa katulad niyang manggagawa. Mababakas ang mga pahiwatig ng tunggalian ng mga uri at ang internal na kontradiksiyong sinasalansan ng tauhan sa kaniyang isip katulad ng pagsasalansan ng mga binilot na tabako.

[1] Marahil ay dahil ito sa "hindi pa nalilinang ang tradisyon ng nobela sa Pilipinas" (Reyes 22) noong panahong iyon kaya't salat sa komplikadong karakterisasyon.

Ang pagmumuni ay nagiging pamamaraan ng pagtransporma sa panahon bilang pagtakas mula sa trabaho at lipunan; nagiging lunan ito ng ibang pamamaraan ng pakikipag-ugnay sa kalikasan, sa mga bagay, sa wika, at sa mga pagnanasa (Tadiar 62). Tinatahi kung gayon ang iba't ibang antas ng kahulugan para sa tauhan bilang babae at bilang manggagawa. Ang tauhang babae ay nagnanasa rin na taliwas sa pasibong katangiang dulot ng tatlong sapin ng kaapihan/pagsasamantala sa mahirap na kababaihan. Una, ang pambansang kaapihan dulot ng pangkalahatang kalagayan ng bansa na pinagsasamantalahan ng imperyalismo. Pangalawa, ang kaapihang dulot ng pagiging magsasaka o manggagawa. At pangatlo, ang kaapihang dinaranas ng babae dahil sa pagiging babae (Taguiwalo 184).

Makabuluhan ang pagbasa kung iuugnay sa panahon ni Tandang Anong at ang nostalgia sa nakalipas na kaayusang malayo sa nagsisimula noong alyenasyon at rasyonalisasyon ng mga produkto ng paggawa na nag-ugat sa sistemang pang-ekonomiya ng mga Amerikano. Kung pakalilimiin, nagtatalaban ang nostalgia ng tradisyon at ang mga pagbabago bunga ng pag-usbong ng modernong pangangapital at uring manggagawa sa gitna ng transisyong pampolitika, pang-ekonomiya at pangkultura sa bansa. Bagaman, tila walang hayagang komprontasyong nagaganap sa mga nobela ni Hernandez-Peña sa pagitan ng mga kapitalista at manggagawa, mababanaag pa rin ang tunggalian sa pagitan ng dalawang puwersa sa mga akda.

**Ang Diskurso ng Pagsasamantala**

Maliban sa pagkakataong nagkaroon ng komprontasyon si Ana at ang kapitalistang si Donya Mantang, tanging ang mga tauhang walang pangalan sa nobela ang tahasang naglahad ng pagsasamantalang nararanasan. Mas nabigyan ng artikulasyon ng mga babaeng manggagawa ang kanilang kalagayan. Inilarawan sa "Labis na Pagpapatubo" sa ikaanim na kabanata ng nobela na:

> Dumating ang araw ng Sabado, araw ng kaligayahan ng mga abang manggagawang sa boong sanglingo'y namamaluktot ng maghamaghapon, nguni't sa hirap nila'y para nang katumbas ang isang masayang gunitang sa araw na yao'y sasahurin ang karangaldangalang bunga ng kanilang pagpapagal (Hernandez-Peña w.p).

Sumunod dito ang tagpo ng huntahan ng mga manggagawa kung saan makikita ang iba't ibang aspekto ng pananaw sa kanilang kalagayan. Ganito ang salitaan:

> —Ang ibig kong sabihin—anang palabiro—ay hindi na ninyo natandaang kung ganitong ay lalong nagmumukhang surot si doña Mantang, Nalalaman ba ninyo kung bakit? —Hindi, ay bakit ba? —Aba ito palang mga taong ito... tila kayo mga tanga. ¿Hindi ba ninyo napapansin at di anhin na lamang ay magtrabaho tayo ng walang bayad? at itatanong pa ninyo kung bakit nagmumukhang surot?

Ang interesante sa bahaging ito ay ang pagkakaroon ng diskurso sa usapin ng paggawa at pangangapital. Ang lakas-paggawa ay isang komoditi na ibinebenta ng manggagawa sa kapital upang mabuhay. Sa bahaging ito, inuukilkil ng nagsasalita ang hustisya sa

karampatang pantapat sa pagtatrabaho at ang kawalang-hustisya sa "pagmumukhang surot" ng kapitalista kapag panahon na ng bayaran sa lingguhang paggawa:

> —Kahit siya magmukhang matsing pa, dapat ko bang ikatuwa ang pagsahod; tayo ba'y alipin niyang sa dugo rin nating kukunin ang kaniyang pagpapataba at ipagmumukhang surot ang magbayad? Napahalakhak ang palabiro at ang isinagot. —At hindi pa nga ba tayo ang sinisip-sip niyang nagsisipamuhunang iyan?

Maaalala sa metapora ng linta at bampira ang paglalarawan sa mga kapitalista dahil sa walang humpay na pagsipsip sa dugo ng manggagawa (Marx 926). Ang nakapanghihilakbot na anyong iyon ay walang ibang tinutukoy kundi ang mala-bampirang pagnanasa at kakayahang sipsipin ng uring nagsasamantala ang buhay ng uring manggagawa. Mababanaag ito nang sabihing "...tayo ang sinisipsip niyang nagsisipamuhunang iyan." Ang pagbulusok ng kalagayang pang-ekonomiya noong panahong iyon ay naging daan sa mga suliranin sa lungsod at kanayunan. Ang gayong pagtalakay sa tunggalian ng kapitalista at manggagawa ay nakita rin sa mga kasabayang manunulat ni Hernandez-Peña katulad ni Lope K. Santos sa kaniyang nobelang *Banaag at Sikat*. Ilan pang halimbawa ng mga akdang tumalakay sa usaping obrero ang *Pinaglahuan* ni Faustino Aguilar, *Isa Pang Bayani* ni Juan Arsciwals, at *Puring* ni Patricio del Rosario (Almario 47). Ang kamalayan sa tunggalian ng mga uri sa mga akda ay nagsasalamin sa pagpasok ng mga sosyalistang idea sa paglipat ng siglo-20, ang pag-usbong ng kilusang paggawa, at ang pagpasok ng kapital ng mga Amerikano (Mojares 214).

Sa nobela ni Hernandez-Peña, may malinaw na suri o puna ang nabanggit nang "palabirong" tauhan na hindi pinangalanan ng awtor. Sa palabirong tauhan masisipat natin ang nabanggit nang tunggalian ng mga uri sa panahon at ang pag-usbong ng kamalayan ng mga manggagawa. May isang bahagi sa akda na sinabi ng kaniyang kasamahan ang ganito: "Palabiro kang talaga, at kung hindi ba may kato ang katawan mo'y aanyayahan mo kaming umaklas na lahat noon araw, at kung natuloy saan tayo nanasok ngayon?" (w.p.). Sinagot naman ng palabirong tauhan na kung nagkaisa sila ay hindi sana nanatili ang ganoong pakikitungo ng kapitalista at nadagdagan daw sana ang kanilang sahod kung sila'y nagsama-sama.

Habang nakikipagdiskurso ang nasabing tauhan, sumang-ayon lamang si Ana habang nakikinig sa pag-uusap ng mga kasamahan. Sa huli, matatalakay rin ang usapin ng sobrang manggagawa na ipinangangambang pagkukunan ng kapitalista ng lakas-paggawa sakaling ipinaglaban nila ang mga karapatan:

> Ipalagay ko nang nagkaisa tayong padagdag at umalis na lahat kung ayaw dagdagan, ¿sa akala ba ninyo'y mawawalan ng makukuha si Doña Mantang na lalong mura pa kay sa atin? ¿Hindi ba ninyo naaalamang ang marami sa ating mga kamangagawa, ay nagpapailaliman at nagkakaniyahan ng langoy. —Totoo nga naman iyon—anang isa—kaya parang yagit ang tingin sa atin ng may mga puhunan ay dahil sa wala tayong pagkakaisang loob. Pag may umalis na sampu, tatlong pu ang maguunahang umagaw ¿paano tayong hindi mawawalan ng halagang lahat? ¡ay mga kasama! iyan ang malubha nang sakit na aywan pa kung magagamot, at pag hindi ay alipin tayong lahat ng may puhunan.

Sa siping ito, makikita ang pag-aalinlangan sa pagkakaisa ng mga manggagawa para sa paggigiit ng mga karapatan. Hindi nakapagtataka ang ganito dahil nasa unang antas pa lamang ang pag-oorganisa sa mga unyon at ang pakikilahok ng kababaihan sa kilusang paggawa sa unang dalawang dekada ng kolonyalismong Amerikano (Taguiwalo 60). Sa kabila nito, sa panahong nalimbag ang nobela, ipinaglaban ng mga manggagawa mula sa mga pabrika ng tabako ang pagpapabuti ng kondisyon sa paggawa. Sa El Oriente, isang pabrika ng tabako, nangampanya ang mga manggagawang maalis ang isang abusadong maestro. Nagalit ang may-ari sa gayong kahilingan at ang sabi, "Kayo ang may-ari ng inyong mga tahanan; Ako, ang may-ari ng aking pabrika, tatanggap ako ng kung sinong gusto ko" (Kerkvliet 29). Sa nobela, mababakas ang pag-aalinlangan ng manggagawa, "Pag may umalis na sampu, tatlong pu ang maguunahang umagaw ¿paano tayong hindi mawawalan ng halagang lahat?" Ang laksa-laksang manggagawang walang empleo, ang direktang epekto ng pagpapaunlad ng ekonomiya noong panahon ng Amerikano, sampu ng pagkabansot ng sektor ng agrikultura ang nagiging dahilan ng lalong pagbagsak ng kalagayan mula noon maging sa kasalukuyan. Mahihinuha rin sa bahaging ito ang laganap nang suliranin ng kawalan ng pagkakaisa. Gayunman, sa mga historikal na tala, naging "kabahagi ang kababaihan sa mga organisasyon at mga pagkilos ng mga manggagawa at dinala nila ang isyung ito sa paglipas ng panahon" (Taguiwalo 59).

Sa iba pang bahagi ng nobela, ipapakita ang ibang pamamaraan ng pagsasamantalang nararanasan ng mga babaeng manggagawa sa kamay ng kapitalista. Dahil sa kulang ang sahod, lagi nang nakakabale ang mga ito na hinuhulugan linggo-linggo at ikinababaon sa utang ng karamihan. Nagpapahulugan din ng sinamay ang donya at kung magpatubo ay masyadong mahal:

> ...nang ang isa't isa'y tumatawad sa napakamahal na halaga ng mga sinamay na bagong pinahuhulugan noon at ang wikang paingos: —Ang ayaw kumuha ng sinamay, ay makahahanap na ng ibang papasukan sa lunes at hindi naman makasasahod ng buo ngayon, ¿hindi ba ninyo naaalamang pinamumuhunanan ko ng salapi ang mga damit na ipinauutang ko sa inyo? ipautang ko ba at huwag akong magtubo?

At sa ganitong paraan, nababaon sa lalo pang pagkaalipin ang mga manggagawang katulad ng sa pabrika ng tabako ni Donya Mantang:

> Sa pagtatapos ng araw ng sahod ay ganito ang naging paglalarawan sa mga manggagawa:
>
> Langkay-langkay na lumabas ang lahat sa gawaan, at palibhasa'y pulos na babayi silang magkakasama, ay ganiyan na lamang ang mga pagsasatsatan habang lumalakad ng kung ano anong buhay-buhay, at ang ibang hindi makaatim sa ginagawa sa kanila ng inaaring panginoon, ay di gagaanong pangigipuspos naman ang inuulak sa ganito't gayong dapat sanang sabihin, nguni't hindi naihuma nino man sa malaking pamimitaga't pagbibigay loob, anopa't nang wala nang panaho'y saka naman sila hindi mapakali ng kauungkat ng lalong humahapis sa kanila ring sariling nahirati na sa mga bulag na pagpapaumanhin.

Ipinapakita ritong bagaman alam ng mga manggagawa na sila ay napagsasamantalahan, hindi sila makapagreklamo. Naging pamamaraan ng paghihingahan ng sama ng loob at inis ang pagsasatsatan sa labas ng pagawaan, espasyong malayo sa kapangyarihan ni Donya Mantang. Pero kapansin-pansing hindi ipinadaloy ni Tandang Anong kay Ana ang gayong

direktang artikulasyon ng mga suliranin ng mga manggagawa bilang uri. Makikita rin dito, hindi lamang ang solidaridad bilang babae kundi ang solidaridad bilang uri. Mapapansin na ang kapitalistang katunggali ng mga tabakera ay babae ring tulad nila. Makabuluhan rin ito kung iuugnay sa konteksto ng paggawa at turing sa kasarian noong panahong iyon. Sa kabila ng pagtaas sa bilang ng mga babaeng manggagawang sahuran sa administrasyong Amerikano, mas maliit pa rin ang sahod na kanilang tinatanggap kumpara sa kalalakihan. Halimbawa, aabot lamang sa 79.5% ng buwanang sahod ng lalaki ang pasahod sa mga babae sa mga pabrika ng tabako noong 1903, 61% noong 1918 hanggang sa lalong bumulusok sa 46.6% noong 1939. Ganito rin ang nagaganap sa industriya ng pananamit kung saan ang mga mambuburdang babae ay nakakakuha lamang ng 73% ng sahod ng lalaki sa katulad na gawain noong 1918 (Gealogo 54). Ibig sabihin, doble ang uri ng pagsasamantala sa mga katulad ni Ana sa pabrika ni Donya Mantang. Bilang manggagawa ay hindi natatapatan ang kanilang pagpapagod upang mabuhay. At bilang babae, sinasahuran sila nang mas mababa dahil mismo sa turing sa kasarian na nakaugat sa kasaysayan.

"Langkay-langkay na lumabas ang lahat sa gawaan," kahit tila hiwalay si Ana sa imaheng ito ng kababaihang manggagawa. Mapag-iiba ang indibidwal na suheto mula sa langkay-langkay; at sa huling bahagi ng papel magkakaroon ng kabuluhan ang pagkahiwalay na ito ni Ana. Interesanteng panahon ang konteksto ng nobela at mahalagang paglimian ang pinatutungkulan ng pamagat na *Hatol ng Panahon*. Mahihinuha ito sa paghihirap ng nagsamantalang kapitalista sa pagtatapos ng nobela. Pero tinutudla rin ng pamagat ang pagbabago ng mga ugnayan katulad ng diskurso ng modernidad na "naging batayan ng produksiyon ng kaalaman ng Kanluran" at "nagbunsod sa kolonisasyon ng hindi-Kanluraning bansa" (Tolentino 37-38). Kasabay ng paglalatag ng mga Amerikano noon ng kaayusang pang-ekonomiya, nalathala ang nobela sa panahong hindi lamang bumukas sa kababaihan ang oportunidad sa sahurang paggawa kundi sa pag-oorganisa ng mga manggagawa. Ang ugnayang ito, ang relasyon sa paggawa at ang umusbong na mga organisasyong pang-manggagawa ang tila nagbabadya sa kahihinatnan ng hatol ng panahong iyon.

Maiuugnay ang wika ni Hernandez-Peña hinggil sa diskurso ng pagsasamantala sa kaniyang panahon. Sa nobelang *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos, gayon din ang diskurso hinggil sa paggawa ng tauhang si Delfin:

> Ah, ang nagagawa ng upang iyan! Ang kapangyarihan ng salapi! Saan di habang dumarami ang salapi at ang masalapi ay nag-iiba-ibayo naman ang pagkapal ng mga taong nawawalan ng lalong mahal nilang karapatan sa buhay: ang kalayaan at pag-ibig. Tumbas na kaya ang piso sa magha-maghapong ganito? Sapat na kaya ang upang iyan, sa hirap at mga pangangailangan ng isang manggagawa, ng isang taumbayan, ng isang mag-anak? Mabuti pa nang mabuti kung laging may napapasukan; at kung wala, na siyang madalas at karamihan?... Talaga, talaga pong malinaw na tanda lamang ng kapangyarihan ng tao sa kapwa tao, at di kailanman ng paggawa! (Santos 39-40)

Sa nobelang *Pinaglahuan* (1907) ni Faustino Aguilar, ganito ang sagot ng pangunahing tauhang si Luis Gatbuhay sa Amerikanong kapitalistang si Mr. Kilsberg:

"At ano pang mga pakundangan ang ibig ninyo? Hindi ba kayo'y inuupahan na sa inyong naga-gawa? Ang tanong ni Mr. Kilsberg.

"Inuupahan nga, ngunit hindi nakagiginhawa kundi sapat lamang sa mga kailangan ng isang dukha upang huwag mamatay at nang tuwina'y magkalakas na maihahandog sa panginoon. Ang mga pakundangang ibig naming matamo ay ang lahat ng nababagay sa aming pagkatao..." (Aguilar 134)

Kung gayon, mababakat din sa mga sipi ang diskurso ng pagsasamantala sa nobela ni Hernandez-Peña. Mas mabibigyan ng pagtatangi ang teksto ni Tandang Anong na piniling isatinig ang kalagayan ng mga manggagawa, sa pamamagitan ng kababaihan kung ihahambing sa pagdidiskurso ng tauhang sina Delfin at Luis sa mga nobela nina Santos at Aguilar. Tinatahi nito ang materyalidad halimbawa, katulad ng nabanggit na, hinggil sa unang antas ng pakikilahok ng kababaihan sa kilusang paggawa noong panahong iyon. Marahil ay tumagos din sa kamalayan ni Tandang Anong at sa kaniyang mga akda ang naging bahagi ng kababaihan sa mga pagkilos noon sa mga welga laban sa piecework ng mga manghahabi noong 1903; ng mga manggagawa ng sombrero sa kompanyang Gael at Kahn noong 1907; ng mga manggagawa sa Sanitary Steam Laundry; at ng mga manggagawa ng nabanggit nang pabrika ng tabako na El Oriente noong 1909 (Taguiwalo 59-60), taon kung kailan nalimbag ang *Hatol ng Panahon*.



Larawan 2. Katubusan din ang pangalan ng itinayong pabrika na pag-aari ng mga manggagawa (Muling Pagsilang 1910)

Noong 1907, sa pamamagitan ng Lunas-Dalita, isang asosasyon ng mga sigarera/tabakera mula sa La Flor de la Isabela, pinasimulan ang pangarap para maitayo ang isang pabrikang pag-aari ng mga manggagawa na magpapalaya sa mga ito mula sa pagsasamantala ng kapital. Nagsimula ang idea mula sa isang artikulo sa *Muling Pagsilang* hinggil sa pagtataguyod ng pabrikang pag-aari ng Filipino bilang sagot sa monopolyo ng mga dayuhang nangangapital sa industriya. Maraming tao sa lungsod at sa mga probinsiya ang sumuporta sa Katubusan, ang pangalan ng itinayong pabrikang pag-aari ng mga manggagawa, sa paniniwalang maililigtas nito ang marami mula sa kahirapan. Pero sa huli, nakuha rin ng mayayamang mamumuhunan ang pabrika (Kerkvliet 25-28).

Ang pagkahulog ng Katubusan sa kamay ng mapagsamantalang uri ay isang trahedya. Wala rin iyong ipinagkaiba sa himig at tekstura sa mga naratibo ng trahedya ng mga tauhang babaeng manggagawa ni Tandang Anong kung kailan abot-kamay na ang kalayaan pero naagaw pa ito ng mga bagong mananakop sa pagdating ng mga Amerikano.

Ganito rin ang kinahinatnan ng pangunahing tauhang si Ana sa *Hatol ng Panahon*. Sa nobela, tinubos din ang dalaga mula sa pagsasamantala ng mapaniil na kapitalistang si Donya Mantang sa pamamagitan ni Dr. Manikis. Si Dr. Manikis ang naging manggagamot ng ama ni Ana na nang lumaon ay siya ring tumustos para sa gamot nito. At nang mamatay ito, ang doktor ang nagpanukalang magbibigay ito ng puhunan upang magtinda na lamang ang dalaga at ang kapatid nito at nang makaalis sa kalunos-lunos na kalagayan sa pabrika ng tabako. Sa ikapitong kabanata, "Ang Pagkatubos ni Ana," mababanaag ang tunggalian sa kalooban ni Ana hinggil sa panukala ni Dr. Manikis:

> —Kami po'y halos pulubing maituturing, nguni't may lakas pa kaming magkapatid upang sa ba-nat ng buto'y mabuhay ¿hindi po ba naman kahiyahiyang masabing parang nagpalimos? —Iba ang limos at iba naman ang talagang bigay, huwag kayong mag-alaala ng ano man sa akin at yao'y ibinibigay kong maluwag sa aking loob.

Mauunawaan ang nararamdaman ni Ana sa ipinakita niyang katangian ng katatagan sa harap ng pangmamaliit ni Donya Mantang. Si Ana ay nakatagpo lamang ng katubusan mula sa kahirapan at kawalang-hustisya sa paggawa sa pamamagitan ng hindi mamamatay-matay na patriyarka, ang "knight in shining armour" sa katauhan ni Dr. Manikis. Ang masayang pagtatapos ng kuwento ay nagpapakita ng pananaw ng manunulat hinggil sa solusyon ng panlipunang suliranin – ang pagmamahal sa kapuwa, lalo na sa mga kulang-palad (Zarate-Ortiz 35). Maaaring isipin na ang popular na motif ng pag-iibigan at pagkakatuluyan ng mayaman at mahirap ay konsesyon sa maraming mga babaeng nagbabasa ng nobela ni Tandang Anong, na sa unang pagkakataon ay mayroong masayang pagtatapos kung ikukumpara sa mga naunang akda (36).

Ngunit makikita rin ang usapin ng pagresolba ng kontradiksiyon ng mga uri – ang pagkamatay ni Neneng sa nobelang *Nena at Neneng*, o ang mala-fairy tale na pagsasama nina Ana at ni Dr. Manikis sa *Hatol ng Panahon*. Ang pantasya sa huling nobela ang resolusyon ng kontradiksiyon ng mga katulad ni Ana, na walang happy ending sa tunay na buhay. Indibidwal na akto ni Ana ang simbolikong akto, na kung babalikan sa sinuring tagpo sa nobela, ay napahiwalay na sa langkay. Sa nobelang *Nena at Neneng*, malupit ang resolusyon ng kontradiksiyon. Namatay ang isa sa mga pangunahing tauhan. Iyon ang pantasya sa simbolikal na antas ng resolusyon sa pagtimo ng patriyarka sa lipunan, dahil nagbunsod din ito sa pagkamatay ng lalaking tauhan, ang simbolikal na pagpaslang sa patriyarka. Sa isang banda, ipinapakita rin nito ang naratibo ng political unconscious, ang animo'y kawalan ng pag-asa ng manunulat at ng kaniyang panahon sa gitna ng transisyon sa politika, ekonomiya, at kultura. Ang simbolikong akto ng pagkamatay na ito ay manipestasyon lamang ng noo'y nagpapatuloy na digmaan at ang nabalahong himagsikan sa kamay ng bagong imperyalismo.

**Kongklusyon**

Gamit ang alegorikal na pagbasang sumasaklaw sa hanggahang politikal, panlipunan, at historikal, sinikap na bakatin ang ugnayan sa mga akda ni Valeriano Hernandez-Peña ang konteksto ng ekonomiya, paggawa, at turing sa kababaihan sa panahong umusbong ang mga nobela. Sa pangkalahatan, bagaman karamihan sa mga nobela ni Hernandez ay tumatalakay sa pag-ibig at nakakahon sa balangkas ng ideolohiya ng patriyarka, may mga guwang sa teksto na nagsilbing daluyan ng mga resistant na imahen/espasyo ng/para sa babaeng manggagawa.

Sumibol ang mga nobela ni Hernandez sa isang ekstraordinaryong bahagi ng kasaysayan, nang ang bansa ay sumasailalim sa malaking pagbabago sa paglilipat ng siglo at sa pagpapalit ng bagong kolonyal na naghaharing uri. Ang nobelang Tagalog ay sumibol mula sa politikal, panlipunan, at intelektuwal na kondisyon ng panahon. Nagising ang pambansang kamalayan dulot ng rebolusyon laban sa Espanya at lumaganap ang mga pagpapahalagang sekular sa impluwensiya ng pananakop ng mga Amerikano. Gayundin, nagkaroon ng pagsigla sa hanay ng mga intelektuwal na aspektong likha ng kalayaan sa publikasyon, sirkulasyon ng mga libro, at paglaganap ng edukasyon. Nagkaroon ng publikong nagbabasa na nagtulak sa isang kaligirang kailangan ng nagsusulat at babasahin.

Bagaman nasaklaw ng mga pagbabago, lalo na sa pag-iibayo ng ugat ng kapitalismo sa bansa, mahihinuha sa mga akda ang paglikha ng kahulugan ng mga tauhan ni Hernandez sa oras na walang kahulugan para sa kanila. Maituturing itong pagbalikwas sa kaayusang kinapapalooban bilang manggagawang tauhan. Ang tagal at nakakapagod na oras ng trabaho ay nagiging bahagi ng panahong inilalaan para sa pagtatahi ng sariling mga naratibo. Ang gunitang ito ang espasyong hindi nasasaklaw ng bagong kaayusang kapitalismo na inilalatag noon ng imperyalismong Amerikano. Kung gayon, sa nobela, inaangkin ng tauhan ang oras na nakalaan sa produksiyon at nakalilikha ng bagong pagpapakahulugan sa panahong nakalaan sa lugar-pagawaan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng kaayusan ang tila nagbubuhol-buhol na kuwento sa gunita. Gayundin, nagiging panahon iyon ng pagmumuni-muni hinggil sa "tunggalian ng mga uri sa lipunan na naipapahayag sa kanilang mga aktitud at sa relasyon sa pagitan ng employer at empleyado" (Zarate-Ortiz 35). Ang pagmumuni ay nagiging pamamaraan din ng pagtransporma sa panahon bilang pagtakas mula sa trabaho at lipunan; nagiging lunan ito ng ibang pamamaraan ng pakikipag-ugnay sa kalikasan, sa mga bagay, sa wika, at sa mga pagnanasa (Tadiar 62). Tinatahi at nasasalansan kung gayon ang iba't ibang antas ng kahulugan para sa tauhan bilang babae at bilang manggagawa.

## MGA SANGGUNIAN


Baens-Del Rosario, Nieves. *Si Valeriano Hernandez at Peña sa Kasalukuyan*. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa, 1970. Limbag.

De Lima, Juliet. "A Historical Approach to Women's Emancipation in the Philippines." *Selected Readings About the Women's Movement in the Philippines*. Lungsod Quezon: Center for Women's Resources, 1998. Limbag.

Belsey, Catherine. "Constructing the Subject, Deconstructing the Text." *Feminisms: An Anthology of Literary Theory and Criticism*. New Brunswick: Rutgers UP, 1997. Limbag.

Corpuz, Onofre. *An Economic History of the Philippines*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1997. Limbag.

Encanto, Georgina. *Constructing the Filipina: A History of Women's Magazines, 1891-2002*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2004. Limbag.

Eviota, Elizabeth. *The Political Economy of Gender, Women, and the Sexual Division of Labour in the Philippines*. London at New Jersey: Zed Books Ltd, 1992. Limbag.

Hernandez-Peña, Valeriano. *Ang Kasaysayan ng Magkaibigang Nena at Neneng*. Manila: St. Paul Publications, 1971. Limbag.

Hernandez-Peña, Valeriano. *Hatol ng Panahon*. Manila: Juan Fajardo, 1909. Filipiniana.net. Web. Inakses noong 18 Mayo 2012.

Highley, Mona. *The Tagalog Novel and the New Society*. Quezon City: University of the Philippines Main Library, n.d. Di-nakalathalang manuskrito.

Jameson, Fredric. *The Political Unconscious: Narrative as a Socially Symbolic Act*. Ithaca, NY: Cornell University Press, 1981. Limbag.

Kervliet, Melinda. *Manila Workers' Union (1900-1950)*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1992. Limbag.

Kimuell-Gabriel, Nancy. *Pook at Pagsasakapangyarihan: Ang Kababaihan ng Tundo, 1946-2008*. Lungsod Quezon: University of the Philippines, 2012. Di-nakalathalang disertasyon.

Masimilliano, Tomba. "Marx Temporal Bridges and Other Pathways." *Historical Materialism Volume 23, Issue 4 (2015)*: 75-914. 10.1163/1569206X-12341437

Marx, Karl. "Wage, Labor, and Capital." *Literary theory: An Anthology*. Ed. Julie Rivkin and M. Ryan. Massachusetts, USA: Blackwell Publishers Ltd, 1998. Limbag.

Mies, Maria. *Patriarchy and Accumulation on a World Scale: Women in the International Division of Labour.* London: Zed Books, 1986. Limbag.

Mojares, Resil. *Origins and Rise of the Filipino novel: A Generic Study of the Novel until 1940.* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1998. Limbag.

Pineda-Ofreneo, Rosalinda. *Tinig at Kapangyarihan: Mga Kuwentong Buhay ng Kababaihang Manggagawa sa Bahay.* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1999. Limbag.

Quindoza-Santiago, Lilia. "Filipina as metaphor for crisis." *Sa Thelma Kintanar (Ed.), Women Reading ... Feminist Perspectives on Philippine Literary Texts*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press and University Center for Women's Studies, 1992. Limbag.

Regalado, Iñigo. *Ang Pagkaunlad ng Nobelang Tagalog.* Maynila: Bureau of Printing, 1949. Limbag.

Reyes, Soledad. *Nobelang Tagalog 1905-1975: Tradisyon at Modernismo.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982. Limbag.

Santos, Lope. *Banaag at Sikat: Kathambuhay na Akda*. University of Michigan, 1959. Web. 27 Mayo 2016.

Sison, Jose Maria. *Krisis at Rebolusyong Pilipino.* Maynila: Amado V. Hernandez Resource Center, Inc. at College Editors Guild of the Philippines, 1998. Limbag.

Tadiar, Neferti. "Filipinas Living in a Time of War." *Body Politics: Essays on Cultural Representations of Women's Bodies*. Ed. Odine De Guzman. Lungsod Quezon: University Center of Women's Studies, 2002. Limbag.

Taguiwalo, Judy. *Babae, Obrera, Unyonista: Ang Kababaihan sa Kilusang Paggawa sa Maynila (1901-1941).* Lungsod Quezon: The University of the Philippines Press, 2011. Limbag

Tolentino, Rolando. *Pag-aklas, Pagbaklas, Pagbagtas: Politikal na Kritisismong Pampanitikan.* Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2009. Limbag.

Tolentino, Roland B., at Aristotle Atienza. *Ang Dagling Tagalog, 1903-1936*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 2007. Limbag.

Zarate-Ortiz, Naomi. *A Critical Study of the Novels of Valeriano Hernandez Pena with Special Reference to Si Nena at Si Neneng*. Lungsod Quezon: University of the Philippines, 1954. Di-nakalathalang tesis.